**INSTABRIGHT e-GAZETTE**
**ISSN: 2704-3010**
**Volume VII, Issue I**
**August 2025**
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*

# BAYANIHAN SA WIKANG FILIPINO, BUKLOD AT MIDYUM SA MATIBAY NA PAMBANSANG PAGKAKAISA

**ni: MYLEEN G. BAYANI**

Yaman ng bansa itong wikang Filipino
Tagalog, Waray, Cebuano, Pampango o Ilokano
Nagbayanihan at nagbuklod upang pagkakaunawaa'y matamo
Para sa higit na pagyabong ng sambayanang Pilipino

Ito'y pamana ng ating mga ninuno,
Marapat na gamitin saan man magtungo.
Huwag ikahiya, wikang Filipino'y ipagmalaki mo
'Pagkat ito ay tatak ng lahing Asyano

Midyum ng pagtuturo ang wikang Filipino
Tiyak mauunawaan ang aralin, asahan mo
Maslalong maipaliliwanag ang mga leksyon ng guro
Dunong sa aralin ay siguradong matatamo

Midyum sa pananaliksik itong wikang Filipino
Malayang magagamit ng mga dalubhasa at eksperto ito
Nagugulumihanang isipa'y maliliwanagang sigurado
Talino at galing ay mapagyayabong talaga naman ng todo

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan | **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco | **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

**INSTABRIGHT e-GAZETTE**
**ISSN: 2704-3010**
**Volume VII, Issue I**
**August 2025**
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*

***************************************************************************************************

Midyum ng matibay na pagkakaisa ang wikang Filipino
Hatid nito ay pagkakasundo
Saan man lugar sa bansa o pulo
Sa bawat nayon ay nagbubuklod sa kapwa tao

Halina't paunlarin ang wikang Filipino
Mahalin, linangin at pagyamanin pa ito
Pagka't habang wika'y pinalalago
Bayanihan at isang mithii'y matatamo

Kabataan dapat ninyong patunayan
Na kayo nga ang pag-asa ng bayan
Gamitin ang sariling wika bilang saligan
at dadalhin kayo nito sa tagumpay sa iba't ibang larangan

***************************************************************************************************

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

***************************************************************************************************